# PAKIKIPANAYAM

3

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Makipagkamay
- Mga Tanong at Sagot
- Pagiging Kabado sa mga Interbyu
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Malalaman ng mga estudyante kung paano magpakita ng lakas ng loob kapag bumabati sila sa isang tao.

Magsasanay ang mga estudyante sa pagsagot ng mga mahihirap na tanong sa isang interbyu.

Tatalakayin ng mga estudyante ang mga huling minutong pamamaraan sa paghahanda sa interbyu.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Isang kopya ng activity sheet na “Mahihirap na Tanong” para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Isang kopya ng activity sheet na “Checklist sa Paghahanda para sa Interbyu” para sa bawat estudyante (Bahagi III)

# Panimula
3 Minuto

Pumili ng dalawang volunteer. Sabihin sa isang volunteer na pumasok sa silid-aralan nang nakangiti at nakatayo nang tuwid. Ang estudyanteng ito ay dapat maglakad sa silid nang nakikipag-kamay at binabati ang mga kaklase. Sabihin sa isang volunteer na pumasok sa silid-aralan nang nahihiya, mahiyaing pakikipag-kamay, at pabulong na mangamusta nang hindi tumitingin sa mata ng mga estudyante.

Pagkatapos batiin ng mga volunteer ang ilang mga estudyante, tanungin ang klase, “Ano ang impresyon ninyo sa dalawang volunteer? Sino ang mas pipiliin ninyong kunin sa trabaho? Bakit?”

Ipaliwanag sa mga estudyante na mahalagang maipakita nila na sila ay mga taong may kumpiyansa sa sarili habang nasa isang interbyu. Sabihin sa mga estudyante na natutunan nila ang tungkol sa paghahanda para sa isang panayam sa Aralin 2, at ngayon ay tatalakayin nila ang mga paraan upang maipakita ang kanilang kumpiyansa sa sarili.

# Bahagi I: Makipagkamay
10 Minuto

Layunin: Tutukuyin ng mga estudyante ang mga pamamaraan sa pagbati nang may kumpiyansa.

**1. Tutukuyin ng mga estudyante kung ano ang bumubuo sa isang maayos na pakikipagkamay.**

Tanungin ang mga estudyante, “Ano ang bumubuo sa isang maayos na pakikipagkamay?” Isulat ang mga tugon sa pisara. (Maaaring sabihin ng mga estudyante: mahigpit, madiin, may tiwala sa sarili, hindi malamya.)

Ipaliwanag na ang pinakamahusay na paraan sa pakikipagkamay ay maging bihasa sa "web to web" na pakikipagkamay. Ilapat ang bahagi ng iyong kamay kung saan magkarugtong ang hinlalato at hintuturo (ang "web" ng kamay) sa web ng kamay ng kinakamayan mong tao.

Maghanap ng isang volunteer para tulungang ipakita ang "web to web" na pakikipagkamay. Ipaliwanag na mahalaga na magkaroon ng madiin, pero hindi napakahigpit, na pakikipagkamay. Ipaliwanag sa mga estudyante na ito ay hindi isang paligsahan laban sa kausap; malamang ay hindi kukunin ng isang interviewer ang isang aplikanteng nananakit ng kamay sa pakikipagkamay.

**2. Tutukuyin ng mga estudyante ang iba pang mga kilos na nauugnay sa isang maayos na pakikipagkamay.**

Ipaalala sa mga estudyante ang panimulang gawain at hilingin sa kanila na tukuyin ang ilan pang pagkakaiba sa paraan ng pagpasok at paglalakad sa silid ng dalawang volunteer.

Gabayan ang mga estudyante na maunawaan na upang makumpleto ang impresyon ng isang taong may kumpiyansa at magiliw, kailangang tumingin ang isang ini-interbyu sa mata ng interviewer at sabihing (habang nakikipagkamay) ikinatutuwa nilang makilala sila.

**3. Magsasanay ang mga estudyante sa kanilang pagbati.**

Sabihin sa mga estudyante na taglay na nila ang lahat ng kailangan para sa isang matagumpay na pagbati. Alam na nila ang "web to web" na pakikipagkamay, kung paano tumingin nang diretso sa mata, at kung ano ang dapat sabihin.

Sabihin sa mga estudyante na mag-ikot sa silid at magsanay ng pagbati sa isa't isa. Maglaan ng ilang minuto para rito. Lumibot sa silid at makipagkamay sa bawat estudyante.

Sabihin sa mga estudyante na ang unang bahagi ng isang interbyu ay napakahalaga. Sinasabi ng ilang eksperto na ang desisyon kung tatanggapin o hindi ang isang kandidato ay ginagawa sa unang tatlong minuto, at ang natitirang oras ay ginugugol lamang sa pagbibigay-katwiran sa desisyong iyon. Ang isang magandang pagbati ay makatutulong sa estudyante na magsimula sa positibong paraan sa isang interbyu.

# Bahagi II: Mga Tanong at Sagot 20 Minuto

Layunin: Magsasanay ang mga estudyante sa pagsagot ng mga mahihirap na tanong sa isang interbyu.

**1. Babalikan ng mga estudyante ang mahihirap na tanong at aalamin ang mga paraan sa pagsagot.**

Igrupo ang mga estudyante nang magkakapares. Sabihin sa mga estudyante na ang pinamahusay na paraan para maging handa sa isang mahirap na tanong sa interbyu ay magsanay kung ano ang sasabihin kapag itinanong ito.

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na "Mahihirap na Tanong". Ipaliwanag na ang activity sheet ay may ilang mga diagram na makatutulong upang mag-isip ng mga sagot sa mahihirap na tanong.

Sabihin sa mga estudyante kung paano kumpletuhin ang activity sheet:

- Sa unang espasyo, tukuyin ang isang kahinaan na mayroon ka.
- Sa ikalawang espasyo, isulat kung paano ka natutulungan ng kahinaang ito na magsumikap nang higit pa o magbigay-pansin sa mga detalye—mga katangiang hinahanap ng anumang employer sa isang empleyado.
- Sa ikatlong espasyo, ilarawan ang isang positibong kalakasan na nabubuo mula sa pananaig sa kahinaang ito.

Bigyan ng ilang minuto ang mga estuydante para kumpletuhin ang activity sheet.

**2. Malalaman ng mga estudyante ang kahalagahan ng pagtapos ng isang sagot sa positibong paraan.**

Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung ano ang kanilang napansin tungkol sa mga huling kahon para sa mga tanong sa activity sheet.

Gabayan ang mga estudyante na maunawaan na palagi nilang dapat tapusin ang kanilang mga sagot sa isang positibong paraan. Ipunto na dapat nilang sagutin ang lahat ng tanong sa interbyu, kahit na mga simpleng tanong lamang, nang may positibong sagot.

**3. Magsasanay ang mga estudyante sa pagsagot sa mahihirap na tanong.**

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: "Kung maaari mong baguhin ang isang bagay tungkol sa iyong sariili, ano ito at bakit?" Sabihin sa mga estudyante na pagnilayan kung paano sila sasagot sa isang interviewer na nagtanong nito.

Ipaalala sa mga estudyante na pagtuonan ng pansin ang isang positibong bagay. Sabihin sa kanila na sanayin ang kanilang sagot kasama ang kanilang mga kapareha.

Maaring makaramdam ng kaba ang mga estudyante tungkol sa isang interbyu matapos ang gawaing ito. Ipaalala sa kanila na alam nila ang mga sagot sa mga tanong at handa sila na sumabak sa interbyu.

Ipaliwanag na may suliraning kailangang lutasin ang isang interviewer: kailangan nilang pumili at kumuha ng tamang tao. Ang tungkulin ng isang ini-interbyu ay ipakita na kaya nilang gampanan ang trabaho.

# Bahagi III: Pagiging Kabado sa mga Interbyu

15 Minuto

Layunin: Tatalakayin ng mga estudyante ang mga pamamaraan sa paghahanda bago ang isang interbyu.

**1. Kikilalanin ng mga estudyante na normal lamang ang kabahan bago sumabak sa isang interbyu.**

Sabihin sa mga estudyante na lahat ay kinakabahan kapag may interbyu. Ipunto na kahit ang mga interviewer ay malamang na dumaan din sa interbyu bago nila nakuha ang kanilang trabaho—at

marahil ay nakaramdam din sila ng kaba! Dapat tandaan ng mga estudyante na ang layunin ay hindi ang tuluyang alisin ang kaba, kundi pigilan itong makasagabal.

**2. Babalikan ng mga estudyante kung paano maghanda para sa isang interbyu.**

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na "Checklist sa Paghahanda para sa Interbyu". Ipabasa nang malakas sa isang volunteer ang checklist sa buong klase. Ipatukoy sa mga estudyante ang mga bagay na hindi sila sigurado at talakayin ang mga paraan kung paano sila mas makapaghahanda.

Ipaliwanag sa mga estudyante na kapag kinakabahan sila habang nasa interbyu, dapat nilang ipaalala sa kanilang sarili na sila ay maayos na nakapaghanda. Ito ang pinakamabisang estratehiya para manatiling kalmado.

**3. Gagamit ang mga estudyante ng pamamaraan sa pag-relax.**

Ipatukoy sa mga estudyante ang mga tanda na nagpapahiwatig na kinakabahan ang isang tao. Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga estudyante. (Maaaring sumagot ang mga estudyante ng: pinagpapawisang mga kamay, pagiging malikot ng mga kamay, pagpadyak ng mga paa, pagkatok ng lapis, pag-iwas sa pagtingin sa mata, pagsasalita nang mahina, pagbibigay ng maiksing sagot sa mga tanong.)

Sabihin sa mga estudyante na balikan ang mga mabuting kasanayan sa pakikipag-ugnayan (tingnan ang *Module One: Mga Kasanayan sa Pakikipag-ugnayan)*. Ipaliwanag na ang mga interbyu ay mabuting pagkakataon para gamitin ang mga kasanayan sa aktibong pakikinig at bigyang-pansin ang mga di-berbal na mensahe na kanilang ipinaparating.

Ipaalala sa mga estudyante ang mga pamamaraan sa pamamahala ng stress na natutunan sa *Module Six: Mga Kasanayan para sa Loob at Labas ng Paaralan*. Sabihin sa mga estudyante na ipaalala sa kanilang sarili na habang nasa isang interbyu na ginawa nila ang lahat ng tamang paghahanda at handa na sila. Sabihin sa mga estudyante na isaisip ang larawan ng isang matagumpay na interbyu. Anong imahe ang nakikita ng mga estudyante?

# Konklusyon

2 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na ilarawan ang mga katangian ng isang matagumpay na interbyu sa trabaho. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang madiin na pakikipagkamay at pagtitig sa mata ay nagpapakita ng kumpiyansa.
- Ihanda ang mga sagot para sa mahihirap na tanong sa pamamagitan ng pagtuon ng pansin at pagtatapos sa isang positibong bagay.
- Lahat ay nakakaramdam ng kaba sa isang interbyu, ngunit maaaring gamitin ang mga pamamaraan sa pagpapahinga at pamamahala ng stress upang manatiling kalmado.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ilista ang tatlong bagay na dapat mong gawin sa isang interbyu para ipakita na ikaw ay may kumpiyansa at palakaibigan.
2. Ilarawan ang pagkakaiba sa pagitan ng isang hindi matagumpay na interbyu sa trabaho at matagumpay na interbyu sa trabaho.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Walumpung porsyento ng tagumpay ang mismong pagdalo.”

Sabihin sa mga estudyante na ang natitirang 20% ay paghahanda. Ipalista sa mga estudyante ang mga bagay na dapat tandaan kapag sasabak sa mga interbyu para sa trabaho.

## PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Atasan ang mga estudyante na subukan ang isang birtwal na interbyu sa http://resources.monster.com/tools at isulat ang komento na kanilang natanggap.

Talakayin ang mga tanong na nakaharap ng mga estudyante at ang komento na natanggap nila.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Hilingin sa mga estudyante na kumpletuhin ang sumusunod na pangungusap: “Kinakabahan ako sa mga interbyu dahil...”

Atasanang mga estudyante na makipagtulungan kasama ng isang kapares upang makabuo ng pampalakas loob na makatutulong sa kanila na madaig ang kanilang kaba (halimbawa, kung ang sagot nila ay “dahil nag-aalala ako na baka hindi ako matanggap sa trabaho,” maaari nilang ipaalala sa kanilang sarili na magiging magandang karagdagan sila sa kumpanya).

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang kabanata tungkol sa trabaho mula sa *Speaker's Sourcebook II* ni Glenn Van Ekeren. Ang librong ito ay nagbibigay ng mga sipi at kuwento tungkol sa pagmamahal sa iyong trabaho at pagbibigay ng buong husay.

Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang ugaling kaya ang lahat.

# TAKDANG-ARALIN

Ipasuri sa mga estudyante ang mga artikulo tungkol sa mga interbyu sa http://career-advice.monster.com/jobinterview/careers.aspx. Pagawain din silang gumawa ng mga packet na naglalaman ng lahat ng materyales na kakailanganin nila para sa interbyu, tulad ng mga resume at mga reference.

Hatiin ang mga estudyante sa maliliit na grupo. Ang mga grupo ay dapat bumuo ng mga checklist para tulungan sila na matiyak na mayroon sila ng lahat ng kinakailangan para sa isang interbyu.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Mag-imbita ng isang tagapangasiwa ng kawani o direktor ng human resource mula sa komunidad upang magsalita tungkol sa kung ano ang dapat asahan sa isang interbyu.

Pasulatin ang mga estudyante ng isang talata na nagbubuod sa impormasyong ibinahagi.